

# Impormasyon sa Autopsy para sa Porma ng Pahintulot sa RECOVER Tissue Pathology

RECOVER
Researching COVID to Enhance Recovery

*An Initiative Funded by the National Institutes of Health*

**RECOVERcovid.org**

# Salamat sa inyong interes sa pag-aaral na RECOVER.

**Labis naming ikinalulungkot ang pagkamatay ng inyong mahal sa buhay. Sa pagsali sa RECOVER, ang inyong mahal sa buhay ay makakatulong sa amin na malaman ang tungkol sa pangmatagalang mga epekto sa kalusugan ng COVID sa mga paraan na hindi posible kapag buhay pa.**



## Ano ang autopsy?

Ang autopsy ay isang medikal na pagsusuri sa katawan pagkatapos mamatay. Sa ospital, ginagawa ng isang doktor (tinatawag na pathologist) ang autopsy upang mas malaman kung paano o bakit namatay ang isang tao.

## Bakit ginagawa ang mga autopsy?

Ang autopsy ay makakatulong sa amin na maunawaan ang dahilan ng pagkamatay at malaman kung may partikular na mga sakit ang isang tao.

## Bakit ginagawa ng RECOVER ang pag-aaral na autopsy (tinatawag din na pag-aaral na pathology sa tissue o tissue pathology study)?

Sa pag-aaral na ito, gusto naming maunawaan kung bakit gumagaling ang ilang tao na nagka-COVID, habang ang ibang mga tao ay nananatiling may sakit sa loob ng mahabang panahon. Bilang bahagi ng pag-aaral na RECOVER, ginagawa ng mga mananaliksik ang autopsy sa isang tao na namatay na para malaman:

- Kung paano nakakaapekto ang COVID sa iba't ibang parte ng katawan
- Ang pangmahabang panahon na mga epekto ng COVID

Titingnan din ng mga mananaliksik ang impormasyon sa rekord ng kalusugan ng taong yumao.

## Ano ang nagaganap sa panahon ng autopsy?

Titingnan ng isang doktor (tinatawag na pathologist) ang labas at loob ng katawan matapos mamatay. May paggalang nilang kinokolekta ang maliliit na sampol ng mga tissue at organ upang mapag-aralan ang mga ito, tulad ng:

- Dugo o ibang mga likido, tulad ng likido sa gulugod
- Mga mata
- Utak
- Puso
- Mga Baga
- Atay
- Pali
- Lapay
- Mga Bato
- Pantog
- Mga organ sa sikmura, tulad ng tiyan o malaking bituka

Makakapili kayo na magbigay ng pahintulot para tingnan lamang ang ilang parte ng katawan (halimbawa, tanging mula sa dibdib at sikmura, hindi ang ulo). Ngunit, maaari itong magpahirap na malaman kung ano ang naging sanhi ng kamatayan at magawang hindi gaanong kapaki-pakinabang ang autopsy para sa pananaliksik na RECOVER.



## Ano ang nagaganap pagkatapos ng autopsy?

Bilang bahagi ng pananaliksik na pag-aaral:

1. Ang pathologist ay magbibigay ng natatanging numero sa mga sampol na kailangan para sa pananaliksik, upang hindi magkaroon ang mga ito ng anumang impormasyon na makapagpapakilala ng katauhan.
2. Pagkatapos, maingat at may paggalang nilang ihahanda ang bangkay para magawang posible na magkaroon ng lamay na bukas ang kabaong, o ibang kaganapan na pwedeng matingnan ang bangkay.
3. Ipapadala nila ang mga sampol sa isang laboratoryo para sa pag-iimbak (tinatawag na biorepository) para magawa ang mga pagsusuri sa mga ito sa kalaunan.





## Makakakuha ba ako ng mga resulta mula sa autopsy?

Makakakuha kayo ng ulat mula sa mga resulta ng autopsy, kung kayo ang legal na pinakamalapit na kamag-anak.

Isusulat ng pathologist ang isang ulat tungkol sa nalaman nila mula sa autopsy, na kabibilangan ng dahilan ng pagkamatay, kung nalaman.

Ang mga ulat ay karaniwang makukuha sa loob ng 60 araw na may pasok sa trabaho, bagaman maaaring mas matagal ang ilang ulat.

Lubos naming inirerekumenda na tingnan ninyo ang ulat na ito kasama ang inyong doktor na makakatulong sa pagpapaliwanag sa mga resulta.

Ang ulat ay hindi kabibilangan ng mga natuklasan sa pananaliksik mula sa pag-aaral na RECOVER, tulad ng impormasyon tungkol sa genes (ang parte ng DNA na ipinasa mula sa magulang papunta sa anak na nagsasabi sa mga selyula kung ano ang gagawin).



## Ang impormasyon ba na makukuha mula sa autopsy ay mapananatiling pribado (kompidensyal)?

**Oo**, ang lahat ng matutunan mula sa autopsy ay pananatilihing pribado, na nangangahulugan na tanging ang mga tao na may pahintulot ang makakakita sa impormasyon tungkol sa autopsy.

**Kabilang sa mga taong makakakita sa impormasyon ang:**

- Mga doktor na nangalaga sa taong iyon
- Ang mga pathologist na gumagawa sa autopsy o tumitingin sa mga sampol
- Iba pang bihasang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan
- Ang pangkat ng pananaliksik na pag-aaral na RECOVER – kung tatalakayin ng mga mananaliksik ang tungkol sa o magsulat ng mga dokumento para maibahagi ang nalaman nila sa pag-aaral na ito, hindi nila isasama ang anumang impormasyon na makapagpapakilala sa mga taong yumao at bahagi ng pag-aaral

## Kailangan ko bang magbayad para sa autopsy?

**Hindi.** Wala kayong babayaran o ang iyong pamilya para sa autopsy.

Narito kami para sumagot sa inyong mga tanong tungkol sa pagpapasali sa inyong yumaong mahal sa buhay sa RECOVER.

I-email sa amin ang inyong mga tanong sa:

**RECOVER_Tissue_Pathology@nyulangone.org**

O i-scan ang QR code na ito sa iyong cellphone para makatanggap ng isang pre-filled na paksa ng email at mensahe sa inyong email app.

Para malaman ang iba pa tungkol sa pag-aaral na RECOVER, bisitahin ang:

**RECOVERcovid.org**